1 Pagbubuntis

1-2 Talaan ng kalusugan ng mag-ina (boshi kenkou techou)

(1) Ano ang tinatawag na talaan ng kalusugan ng mag-ina (boshi kenkou techou)?

Dito nakasulat ang resulta ng medical checkup ng mag-ina at ang talaan ng paglaki ng bata, mga health check-up at bakuna, at mga serbisyo tungkol sa kalusugan.
May nilalamang kolum na “patunay ng pagpasa ng sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan (shusshou todokezumi shoumei)” ang unang pahina ng talaan ng kalusugan ng mag-ina. Ang sumusunod ang iba pang nilalaman sa loob ng talaan.

●Bagay na may kinalaman sa kalusugan ng ina

- Pagkuha ng nutrisyon sa panahon ng pagbubuntis
- Medical check-up record sa panahon ng pagbubuntis
- Progreso ng pagdadalantao at pagkatapos ng panganganak
- Talaan ng pagkakaiba ng timbang sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng panganganak
- Talaan ng pagpasok sa klase o kurso para sa mga ina (magulang), atbp

●Bagay na may kinalaman sa kalusugan ng bata

- Obserbasyon ng tagapag-alaga tungkol sa paglaki ng bata at medical checkup record ng sanggol
- Paglaki ng katawan ng sanggol (body growth)
- Timbang ng katawan ng sanggol (body height and weight)
- Talaan ng bakuna
- Talaan ng natamong sakit

(2) Talaan ng kalusugan ng mag-ina sa iba't-ibang wika

May mga tanggapan ng munisipyo na gumagamit ng talaan ng kalusugan ng mag-ina di lamang sa wikang Hapon kundi sa ibang wika tulad ng English, Intsik, Koryano, Portuges, Español, Thai, Indonesian, Tagalog, atbp. Mangyari lamang na makipag-ugnayan tungkol dito kapag ipapasa na ang notipikasyon ng pagbubuntis (ninshin todokedesho). Ipinagbibili rin ito sa Japan Family Planning Association, Inc (Nihon Kazoku Keikaku Kyoukai).

Namamahalang organisasyon	Address	Telepono/Website	Wikang tinutugunan
Japan Family Planning Association, Inc (Nihon Kazoku Keikaku Kyoukai)	1-10 Ichigaya-tamachi Shinjuku-ku Tokyo	Telephone: 03-3269-4727 URL: http://www.jfpa.or.jp/	Wikang Hapon, Ingles, Portuges, Tagalog, Tsino at Koryano (nakasulat sa 6 na wika)

* Para sa mga katanungan tungkol sa talaan ng kalusugan ng mag-ina sa ibang wika, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa

(Boshi Eisei Kenkyuukai) Mother and Child Health Research Society

2-18-7 Soto-Kanda, Chiyoda-ku Tokyo Telephone: 03-4334-1160 URL: http://www.mcfh.or.jp/

(3) Iba pang detalye

Isinalin ang "From Pregnancy to Childcare" How to Prepare for Childcare in Japan" sa walong iba't-ibang wika: Hapon, English, Intsik, Koryano, Portuges, Español, Thai, at Vietnamese. Nagkakahalagang 1,575 yen (hindi kasama ang shipping charge) ang isang kopya. Mayroon ding ipinagbibiling hiwalay na video (DVD sa wikang English). Para sa mga detalye, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa AMDA International Medical Information Center.

Sanggunian	Address	Telepono/Web site
AMDA International Medical Information Center, Tokyo Center	Kabukichou Yubinkyokudome, Shinjuku-ku, Tokyo 160-0021	Telephone: 03-5285-8086 URL: http://amda-imic.com/
AMDA International Medical Information Center, Kansai Center	Osaka Chikkou Yubinkyokudome, Minato-ku, Osaka-shi, Osaka 552-0021	Phone: 06-4395-0555